Mga Karaniwang Side Effect

Ang mga topical corticosteroid kadalasan na pinahihntulutan para sa saglit na paggamit. Ang mga local na side effect tulad ng pagkatuyo ng balat, pangangati, paghapdi at pamumula ng balat ay maaaring mangyari.

Ang matagalang at maramihang paggamot ay maaaring magdulot ng pagnipis na balat.

Dahil ang mga side effect ng mga topical corticosteroid ay ayon sa dosis, tipo ng gamot at tagal ng gamutan, napakahalaga na sundin ang utos ng iyong doktor.

Pag-iimbak

Itago ang mga gamot sa isang tuyo at malamig na lugar at malayo sa direktang init at liwanag. Kadalasan hindi kailangang iimbak sa loob ng refrigerator maliban na lamang kung nabanggit sa pabalat ng gamot.

Itago ang mga gamot malayo sa naaabot ng mga bata.

Itapon ang lahat ng mga gamot na expired na o kung hindi mo na ito kailangan.

Ang polyeto ng impormasyon na ito ay bilang sanggunian lamang.

Ang mga gamot ay dapat na gamitin ayon sa utos ng doktor at pharmacist.

Para sa mga katanungan, magpakonsulta sa iyong doktor, kawani sa dispensaryo o iba pang propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan.

Huwag ibahagi ang iyong mga gamot sa ibang tao.

Pangkalahatang Kaalaman sa

mga Topical Corticosteroid



Drug Office
Department of Health

Ang mga topical corticosteroid ay mga paghahanda na para sa ipinapahid sa balat upang mabawasa ang pangangati at pamamaga ng balat. Ito ay ginagamit para sa iba't ibang mga sakit sa balat tulad ng eczema, allergic dermatitis at psoriasis. Ang mga ito ay hindi nakakapagpagaling at maaaring magpalala ng mga nakakahawang mga sakit sa balat.

Tipo ng mga Topical Corticosteroid

Ang mga topical corticosteroid ay nakauwi bilang banayad, katamtaman, matapang at napakatapang ayon sa katangiang kontra pamamaga nito. Ito ay makukuha sa porma na krema, losyon, ointment, atbp.

Ang mga karaniwang halimbawa ay fluocinolone, hydrocortisone at betamethasone.

Paggamit

1. Linisin at patuyuin ang iyong mga kamay at ang apektadong parte ng balat bago ipahid ang gamot.
2. Ipahid nang manipis sa apektadong parte ng balat ayon sa utos ng iyong doktor.
3. Hugasan ang iyong mga kamay pagkatapos gamitin maliban na lang kung ang gamot ay ipinapahid bilang gamot sa iyong kamay.

Payo sa Gamutan

- Magpakonsulta kaagad sa iyong doktor kung nakaranas ka ng anumang allergic reaction tulad ng pamamantal ng balat, pamamaga ng mukha o kamay, at nahihirapang huminga.
- Huwag gumamit ng mga gamot nang walang utos ng doktor. Ang maling paggamit ng mga gamot ay maaaring magdulot ng mas maraming mga side effect at mapalala ang kondisyon ng balat.
- Huwag damihan ang paglalagay ng gamot o pagpapahid sa bukas na balat upang maiwasan ang sistemikong mga side effect dahil sa labis na pagsipsip ng gamot.

- Iwasan ang pagkakamot sa apektadong bahagi ng balat dahil maaaring magong dahilan ito ng pagsusugat at impeksyon ng balat.

- Huwag balutan o takpan ang apektadong bahagi ng balat ng benda maliban kung inutos ng iyong doktor.
- Kung ikaw ay may allergic contact dermatitis, iwasan na malapit sa mga nakakairita at allergen tulad ng mga sabon at kemikal na sangkap. Maaari kang magsuot ng guwantes upang maprotektahan ang iyong balat sa paggamit ng mga sabon.